# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan ______________________________ Petsa ________________ Marka $\overline{\phantom{00}}$ 20

## Pagsulat ng tamang pang-angkop

*Panuto:* Isulat sa patlang ang tamang pang-angkop (-*ng*, -*g*, o *na*).

1. Nauuna ang pula_______ kotse sa karera.
2. May mga bahay______ bato na nakatayo pa sa Vigan.
3. Limandaan______ piso ang sinukli sa kanya ng kahera.
4. Nasuot mo na ba ang damit______ regalo ng ninang mo?
5. Si Myra ay takot pumasok sa madilim______ silid.
6. Ang Qatar ay isa sa mga pinakamayaman_______ bansa sa buong mundo.
7. Ang matamis______ mangga ng Pilipinas ang paborito kong prutas.
8. Masyado______ matao ang mga *mall* tuwing malapit na ang Pasko.
9. Dahil sa mataas na lagnat, dinala siya sa pinakamalapit______ ospital.
10. Napakaganda ng ginto______ singsing ng reyna!
11. May makapal______ kumot sa loob ng luma______ kabinet.
12. Bumili tayo ng mga sariwa______ gulay mamaya______ hapon.
13. Sa mahiyain______ bata ibinigay ang bago______ laruan.
14. Hinuli ng dalawa______ pulis ang lalaki______ magnanakaw.
15. Masagana______ ani ang isa sa mga biyaya ng taon______ nakalipas.
16. Napakarami______ tao ang nanood ng pelikula ng sikat______ artista.
17. Ang bata______ inaantok ay humiga sa malambot______ unan.
18. *T-shirt*______ puti at maong ang karaniwan______ suot ng mga mag-aaral.
19. Si Tina ay may buhok______ mahaba at nakasuot ng puti______ uniporme.
20. Marami______ kanin ang gusto ko kapag masarap______ ulam ang nakahanda.

LIVEWORKSHEETS